



Mga Karagdagang Mapagkukunan ng tulong sa County ng Los Angeles at U.S.

Text Line sa Krisis
I-text ang "LA" sa 741741
crisistextline.org

Pambansang Lifeline sa Pagpigil sa
Pagpapatiwakal(800) 273-8255
suicidepreventionlifeline.org

Linya ng Impormasyon ng County ng Los Angeles "211" 211la.org

County ng Los Angeles
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan
lapublichealth.org

Pangangasiwa sa mga Serbisyo ng
Pag-abuso sa Sangkap at Kalusugang
Pangkaisipan samhsa.gov

Mga Sentro para sa Pagkontrol at
Pagpigil ng Sakit cdc.gov

Red Cross ng Amerika redcross.org

Mga Pinahahalagahan ng LACDMH

Integridad. Propesyonal naming inaasal ang aming mga sarili ayon sa pinakamataas na mga pamantayang etikal.

Respeto. Kinikilala namin ang pagiging natatangi ng bawat indibiduwal at tinatratong lahat ng tao sa paraan na pinagtitiyag ang kanilang personal na halaga at dignidad.

Pananagutan. Aming inaako ang responsibilidad para sa aming mga pagpili at kanilang mga kalalabasan.

Kolaborasyon. Sama-sama tayong nagtatrabaho patungo sa parehong mga layunin sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa buong komunidad, pagbabahagi ng kaalaman, pagtatatag ng matibay na konsensus at paggawa ng desisyon.

Dedikasyon. Gagawin namin ang lahat para pabutihin ang mga buhay ng aming kliyente at komunidad.

Kalinawan. Hayag naming ipinararating ang aming mga ideya, desisyon at kinalabasan upang matiyak ang tiwala sa aming organisasyon.

Kalidad at Kahusayan. Aming kinikilala ang pinakamataas na mga pamantayang personal, pang-organisasyon, propesyonal at klinikal at itinutuon ang aming mga sarili sa pagkamit ng mga pamantayang iyon sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti sa bawat aspekto ng aming pagganap.

Kung ikaw ay nasa krisis at agarang nangangailangan ng tulong, tawagan ang aming 24/7 na walang bayad na Linya ng Tulong:

800.854.7771

dmh.lacounty.gov




▶▶ **LINYA NG AKSES**



LOS ANGELES COUNTY

KAGAWARAN NG
KALUSUGANG PANGKAISIPAN

Pag-asa. Pagbuti. Kapakanan.



AKSES

(Akses sa Pangangalagang Pangkomunidad, Mabisang Serbisyo at Suporta)

(800) 854-7771 ext. 1

Ang mga taong may mga kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring i-dial ang **711** para sa serbisyong paghahatid ng telekomunikasyon na batay sa TTY. Pagkatapos na kumonekta sa 711, mangyaring hilingin sa opereytor na tawagan ang (800) 854- 7771.



Bisyon

Ang bisyon ng linya ng AKSES ay ang maging nangungunang pintuang-daan sa mga serbisyo at impormasyon ng kalusugang pangkaisipan sa County ng Los Angeles.

Misyon

Para bigyan ang mga konsyumer ng madamayin, napapanahon at maaasahang mga serbisyo at impormasyon sa kalusugang pangkaisipan sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan at iba pang mga tagapagbigay sa County ng Los Angeles.

Ang AKSES ay ang 24/7 na linya na mandato ng estado para sa Plano ng Kalusugang Pangkaisipan ng County ng Los Angeles.

Isang koponan ng maraming disiplinang kawani na nagbibigay ng samu't saring uri ng mga serbisyong direkta at reperal sa kalusugang pangkaisipan na 24/7, kabilang ang mga pista-opisyal. Ang pangkalahatang layunin ng AKSES ay ang makipagtulungan sa mga konsyumer, pamilya, at komunidad.

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan na Ibinigay nang 24 na Oras, 7 Araw sa Isang Linggo

- Impormasyon at mga reperal para sa mga espesyalidad na programa sa kalusugang pangkaisipan
- Nagbibigay at tinutugma nang 24/7 na mga serbisyong interbensyon at pagpapatatag sa panahon ng krisis
- Pinakikilos ang mga Pangkat ng Operasyon sa Pagtugon sa Lugar (Field Response Operations Teams)
- Pinagagana ang Pangkat sa Pagtugon sa Kritikal na Insidente (Critical Incident Response Team) kasunod ng isang kritikal na insidente
- Sentralisadong awtorisasyon ng mga serbisyo sa transportasyon ng pasyente
- Tinutugma ang mga reperal na Labas ng County at Labas ng Estado para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal
- Pinamamahalaan ang mga tawag na lagpas na sa mga oras ng trabaho para sa Tanggapan ng Mga Karapatan ng Pasyente (Patient's Rights Office)
- Punto ng kontak ng LACDMH para sa espesyal/kritikal na pag-uulat ng insidente na lagpas na sa mga oras ng trabaho